



Digital na Deklarasyon ng Pasahero

Pangkalahatang Impormasyon

Dapat kumumpleto ng DPD ang lahat ng pasahero na paparating lulan ng eroplano patungo sa Australia. Puwede mong simulan ang iyong DPD pitong araw bago ang iyong flight at isumite ito bago ang iyong pag-alis papuntang Australia. Ang mga pasaherong hindi nakakumpleto ng DPD bago umalis ay maaaring maharap sa mga pagkaantala pagdating sa Australia.

Kapag sinasagutan ang DPD, kakailanganin mo na:

- magbigay ng mga detalye ng iyong kontak, kabilang ang numero ng telepono ng kontak sa Australia
- gumawa ng legal na may bisang paghahayag kaugnay ng iyong katayuan sa pagpapabakuna
- gumawa ng deklarasyon tungkol sa kasaysayan ng iyong pagbiyahe sa nakalipas na 14 araw
- gumawa ng deklarasyon na alam mo ang quarantine at mga kinakailangan sa pagsusuri na inilalapat sa pagdating sa Australia at sa estado o teritoryo kung saan ka lalapag at mga multa sa hindi pagsunod.

Tandaan: Bago mo kumpletuhin ang DPD, tingnan ang lahat ng iba pang mga kinakailangan sa pagbiyahe para sa Australia. Para sa listahan ng lahat ng dokumentong kailangan mo bago ka magbiyahe tingnan ang impormasyon para sa mga [Bakunadong biyahero](#) at [Di-bakunadong biyahero](#).

Mga multa at pagpapatupad

Hinihingi ng DOD ang mahahalagang impormasyon ng kalusugan. Kailangan mong magbigay ng ebidensya na nakumpleto ang kritikal na impormasyon bago sumakay ng eroplano. Ito ay ipinatutupad ng kinakailangan. Maaaring managot sa sibil na parusa

(multa) ng 30 penalty unit (kasalukuyang \$6,660 AUD) ang taong hindi nakasunod sa kinakailangan. Ito ay itinakda sa seksyon 46 ng Batas sa Biosecurity ng 2015.

Isang seryosong krimen ang pagbibigay ng mali o nakakalitong impormasyon sa Gobyerno ng Australia. Kung mahatulang nagkasala, pagkakakulong ng 12 buwan ang pinakamataas na parusa.

Maaari ding maglapat ang mga estado at teritoryo ng mga parusa upang maipatupad ang pagsunod sa mga kautusan ng pampublikong kalusugan. Maaaring kabilang dito ang pagsusuri sa COVID-19 at pagbubukod sa sarili o mga kinakailangan sa quarantine. Kung hindi ka sumusunod kabilang ang alinman sa mga kinakailangan pagkatapos mong makapasok, maaari kang humarap sa malubhang mga parusa kabilang ang pagkakakulong o malaking multa. Puwedeng magbago ang mga kinakailangan sa maikling paunawa. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [mga kinakailangan sa pagdating sa estado at teritoryo](#).

Puwedeng kanselahin ang visa, makulong, at mapaalis ang mga may-ari ng visa na dumating sa Australia kung sila ay:

- **hindi ganap na nabakunahan para sa mga layunin ng pagbibiyaha sa ibang bansa alinsunod sa mga kinakailangan sa pagpasok sa border ng Australia; o**
- **walang medical contraindication sa isang bakuna laban sa COVID-19 ayon sa ibinigay na kahulugan ng Pamahalaan ng Australia; o**
- **ay hindi kasama sa *kategorya ng eksempsyon* o may hawak ng eksempsyon sa indibidwal na pagbiyaha.**

Kumpletuhin ang deklarasyon

Gamitin ang libreng mobile Australia Digital Passenger Declaration app sa pamamagitan ng pagdownload nito mula sa [App Store \(Apple\)](#) o [Google Play store \(Android\)](#).

Kung hindi mo magamit ang mobile app, maaari kang magsumite ng DPD gamit ang [DPD online form](#).

Kakailanganin mong gumawa ng account, na magbibigay-daan sa iyong pangasiwaan sa iisang lugar ang iyong mga deklarasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap.

Pagsisimula ng iyong deklarasyon

Hindi mo kailangang magbayad ng DPD - ito ay libre.

Bago mo simulan ang iyong deklarasyon, ihanda ang sumusunod na impormasyon:

- flight number
- balidong pasaporte
- kasaysayan ng paglalakbay (14 araw bago ang flight)
- destinasyon at mga kaayusan sa quarantine (kung kailangan)

- Ang record ng bakuna sa COVID-19 o tinatanggap na ebidensya na hindi ka maaaring bakunahan dahil sa mga medikal na dahilan.

Dapat kumpletuhin ng bawat pasahero ang DPD. Dapat kumpletuhin ng mga magulang o tagapag-alaga ang deklarasyon para sa sinumang anak na wala pang 16 taon ang edad. Sinumang 16 na taong gulang o pataas ay dapat na kumpletuhin ang sarili nilang deklarasyon.

Dapat mong kumpletuhin ang DPD bago ka umalis papuntang Australia.

Ang resulta ng iyong Digital Passenger Declaration

Hindi naggagarantiya ang nakumpleto mong DPD ng iyong pagpasok sa Australia.

Kapag nakapagsumite ka na ng DPD, makikita mo ang buod ng screen na dapat mong ipakita (alinman sa elektroniko o naka-print) sa tauhan ng airline bago ka sumakay sa eroplano. Kailangan mo ring ipakita ito sa pagpasok mo sa Australia.

Rerepasuhin ng tauhan ng airline ang iyong kalagayan sa kalusugan kapag nag-check in ka sa iyong flight. Ang iyong DPD ay magpapakita ng iyong kalagayan sa kalusugan alinman sa:

- **Kumpleto:** ang impormasyon na iyong inilagay sa iyong deklarasyon ay nagpapahiwatig na natutugunan mo ang mga kinakailangan sa kalusugan sa COVID-19 para sa pagsakay. Kailangan mo pa ring ipakita ang iyong dokumentasyon sa pag-check-in. Ang iyong airline ay gagawa ng panghuling desisyon upang pahintulutan ka sa iyong flight.
- **Hindi kumpleto:** hindi mo naisumite ang impormasyon mo sa kalusugan. Ang Digital Passenger Declaration ay humihiling ng napakahalagang impormasyon sa kalusugan. Dapat mong ipakita ang ebidensya na nakumpleto mo ang napakahalagang impormasyon bago sumakay.
- **Kailangan ng kumpirmasyon sa pag-check-in:** nangangahulugan ito na maaaring hindi mo natugunan ang mga kinakailangan para sa pagbiyahe sa Australia. Kailangan mong makumpirma sa pag-check-in. Ang iyong airline ay magpapasya kung kaya mong magbiyahe. Kapag pinayagan ka ng airline na magbiyahe patungong Australia, kakailanganin mong mag-quarantine pagkadating. Bago mo simulan ang iyong DPD dapat mong tingnan ang [website ng Department of Health](#). Mayroon itong mga detalye sa mahahalagang tuntunin sa kalusugan na kailangang sundin ng mga pasahero kapag darating sa Australia.

Dapat tingnan ng lahat ng pasahero ang mga pagsasaayos para sa lahat ng estado at teritoryo kung saan ka magbibiyaha o transit. Ang mga kinakailangan ay iba't iba sa bawat Estado at Teritoryo ng Australia. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [mga kinakailangan sa pagdating sa estado at teritoryo](#).

Suporta

Kung kailangan mo ng tulong para kumpletuhin ang iyong DPD, tingnan ang [mga madalas na itinatanong](#).